



Ang Pasko at UP Manila

Naging mahirap at mapanghamon ang taong 2020 sa ating unibersidad at sa buong mundo dahil sa mga banta at panganib ng COVID; ngunit sa maikling panahon, naisagawa natin ang malakihang mga pagbabago at paglalapat sa mga gawain natin sa pagtuturo, pananaliksik, at paghahatid ng serbisyong pangkalusugan sa mga pasyente at komunidad.

Hindi natinag at nanatiling nakatuon ang UP Manila sa misyon nito: ang makapag-ambag sa mga solusyong kailangan upang malabanan ang pandemya at manatiling ligtas at protektado ang mga miyembro ng ating komunidad.

Dahil ang kapanganakan ng Panginoong Hesus ay panahon ng pasasalamat at pagninilay, maganda itong pagkakataon upang ipahatid kong muli ang aking taos-pusong pasasalamat sa walang hanggang suporta at komitment ng bawat sektor — sa aking Management Team, mga guro, REPS, administratibong kawani, mag-aaral, alumni, at lalung lalo na sa ating mga healthcare workers.

Sinasaluduhan natin ang ating mga healthcare workers at iba pang frontliners ng PGH bilang mga “bayani” sa labang ito. Ngunit dagdag pa sa kanila, ang lahat ay nagpakita ng kagitingan sa malalaki at maliliit na mga tungkulin na ginampanan ng buong husay at damdamin upang labanan ang pandemya, maipagpatuloy ang pagtuturo, at pag-ibayuhin pa ang pananaliksik.

Tunay na naipamalas natin nitong nakaraang sampung buwan ang pinakatapat, makabuluhan, at mahusay na ekspresyon ng Bayanihan sa ating pamayanan. Tunay na sa kabila ng patuloy na banta at panganib ng virus, nakapagtatag tayo sa UP Manila ng isang ligtas, payapa, at positibong kapaligiran para sa pag-aaral at paggawa. Bilang isang komunidad, ito ang ating naging payak na pagbibigay parangal at pasalamat sa ating Panginoon ngayong Pasko!

Sa pagtatapos ng taong 2020, marami tayong karanasang babaunin upang higit na maging malakas, marunong, handa, at alerto sa mga panibagong krisis at oportunidad sa darating na panahon. Hindi natin nasiguro kung kailan matatapos ang COVID-19, ngunit ang tiyak natin ay ang katibayan, katatagan, at karunungan ng ating unibersidad at nating lahat na bumubuo nito sa pagtugon sa anumang pagsubok.

Nawa, lahat tayo pati ang ating mga mahal sa buhay ay patuloy na basbasan ng kaligtasan, kapayapaan, at pag-asa ng Makapangyarihang Sanggol sa sabsaban ngayong Pasko at sa taong 2021!

TSANSELOR CARMENCITA D. PADILLA, MD, MAHPS